

WISYO NG KONSEPTONG FILIPINOLOHIYA

ni Bayani S. Abadilla

Kapangyarihan ang karunungan.
—Francis Bacon

Ang makinig sa sabi-sabi ay walang bait sa sarili.
—Wisyo Pinoy

PANIMULA

SIPAT-SURI sa dinamismo ng kultura ng bayan o lipunang Pilipino ang likhahuwaran ng sulating pansikhyayan. Ang sulatin ay bahagi ng sinusulat na aklat Ganda sa Buhay Pinoy. Isang mapanuring pagtalakay ng pambansang praxis sa pamantayang estetikal.

Iniugnay natin sa konseptong talino—na katawagang sosyo-kultural at may partikular na kabuluhang pedagogikal—ang sulatin para sa kapakanang pagtuturo at pag-aaral sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP).

Katotohanan at karunungan ang bukal at daloy ng teksto sa konteksto ng pambansang karanasan at kamalayan. Sabihin pa, kilatis ng isip ng bayan, na may tatak o kulay ng makauring ideolohiya na salasalabat sa kamalayang panlipunan o kultura, ang sentro ng tematikong paglalahad.

Hindi mapasubaliang katotohanan na saligan ng matinong karunungan, na timbulan ng agham at sining, ang nagsusulong (ideomotor o pwersa ng talino) sa kaunlaran ng anumang bayan at alinmang bansa sa ibabaw ng mundo. Sinisihop ng Agham at Sining ang katotohanan na pinahahalagahan ng talino.

Kaakibat ng katotohanan ang katarungan sa batas ng buhay. Kaipala, ang totoo sa matalisik na pag-unawa ay may kintal ng kagalingang panlipunan. Etikal na teknolohiya ng sosyedad ang timbulan ng katarungan—damdamin ng bayan sa magaang sabi.

Sa buhay tandisang nagaganap ang hidwaan ng mga bayan. Hatid ito ng inter-aktibong sibilisasyon. Sa epistemolohiya, ang kabatiran sa sigalot ng mga bayan ay heopolitika. Sa sigalutan—kalayaan at kasarinlan/soberanya—ang usapin/isyu na nasa hapag ng konsiderasyong hinaharap ng mga lider at/o ng buong bayan.

REALIDAD NG LIPUNANG PILIPINO

Sa Pilipinas tandisan/obhetibong umiral ng 333 taon (1565-1898) ang rehimeng kolonyal na itinaguyod ng mga lider ng bansang Espanya. Ang realidad na ito ay tahasang bumalewala sa

konseptong pagkatao at pagkabayan ng mga Pilipinong tinaguriang Indio o Katutubo. Nawalang saysay ang katagang bansa na timbulan ng patrimonya o pambansang komunidad. Walang kabuluhan ang kalayaan sapagkat hindi ito nakatutugon sa mga pangangailangan (ng mga Pilipino noon) na tahasang humihinga lamang at hindi namumuhay. Walang katuturan ang buhay. Alipin ang mga Indiyos: busabos.

Gobyernong Praylokrasya (pawang mga prayle o kagustuhan ng mga prayle) ang panuntunan sa pamamahala ng mga bagay-bagay na pantao sa buong kapuluan—liban sa dulong silangan ng Mindanaw na matibay ang komunidad ng Muslim sa bisa ng relihiyong Islam.

Habang dumadaloy sa kasaysayan ang gobyernong praylokrasya, walang habas namang pinagsasamantalahan ng mga mananakop ang likas na yaman sa Heograpiya ng Pilipinas. (hindi pa Pilipinas ang ngalan sa mapa ng bansa sa buong mundo. Sa sinaunang mapa ng mundo Islas Maniolas ang pangalan ng lupaing Pilipinas. Si Claudio Ptolemy, griyegong topograpista ang naglapat sa pangalan ng bansa sa globo.)

Malupit sa mga Indiyos ang gobyernong Praylokrasya. Sapagkat hindi mamamayan ang mga Indiyos: Alipin. Walang karapatan ang alipin. Hindi siya tao sa turing ng mga namamanginon sa pamumuhay. Taong pisikal lamang ang mga alipin. Dugo o lahing awtranesyano ang mga katutubo o indiyos.

Noong 1896, sumiklab ang giyerang Pilipino-Espanyol. Nakilala ito sa kasaysayan ng bayan na “sigaw sa Pugadlawin.” Nagtagumpay ang Katipunan (kilusang mapagpalaya) sa himagsikang nilahukan ng mga alipin. Idineklara sa Kawit, Kabite ang kalayaan ng mga Indiyos—1898.

Sa kabuluhang sosyo-pulitikal ang deklarasyon ng kalayaan ay nagbigay buhay sa konseptong bansa ng Pilipinas at pagkabayan ng mga Pilipino. Bukod pa sa katangiang mamamayan ng mga naninirahan sa kapuluan. Kahit pa may mga kapintasan, sa punto ng kapakinabangan ng pinakamalawak na populasyon o karaniwang mamamayan, ang Konstitusyong Malolos sa kabuluhang pulitikal ay malinaw na panandang bato sa kasaysayan na nagtampok sa katangiang estado ng Pilipinas. Ang mga elemento ng estado ay taumbayan, teritoryo, gobyerno at kasarinlan.

Sa paglikwad ng kasaysayan, inagaw ng Amerika ang tagumpay na nakamit ng mga Katipunero. Sumiklab ang gerang Pilipino-Amerikano.

(Nasa mga aklat ng kasaysayan ang mga datos hinggil sa mapanakop na pakana ng Amerika sa Pilipinas. Pangunahing datos ang tratado ng Paris...)

Humupa ang giyerang Pilipino-Amerikano. Gayunman, matagumpay na naitanim ng Amerika ang pangkabuhayan at pampulitikang interes nito sa Pilipinas. Sa maagang yugto ng pananakop ng Amerika sa Pilipinas, edukasyon ang armas kultural ng Estados Unidos para maiwaksi ang katinuan ng madla ang talinong magpapaunlad sa bansa at magdudulot ng katiwasayan sa lipunan.

Samantalang nilupig ng kolonyalismong Espanyol ang bait sa isip ng mga katutubo sa pamamagitan ng relihiyon, edukasyon naman ang bumitag sa katinuan ng sambayanang Pilipino sa iskema ng pananakop ng Amerika sa Pilipinas.

Diwang kolonyal ang naipunla at nalinang ng edukasyong mga kano ang titser sa maagang yugto na nang lumaon ay mga gurong Pilipino na. Ingles ang midyum ng pagtuturo sa edukasyong itinataguyod ng Amerika sa Pilipinas. Bunga nito, naging pamantayan ng karunungan ang kabihasaan sa pagsasalita sa wikang Ingles. Edukado o marunong ang turing ng lipunan sa mga Pilipinong bihasa mag-Ingles. Sa pamantayang Ingles, ang katalinuhan ay tahasang natiwalag sa kamalayang panlipunan kaipala ding tumitipon sa pambayan at pambansang katuturan.

Nagpasalin-salin sa ibat-ibang katauhan ang tatlong larangan ng gobyerno: ehekutibo, lehislatura at hudikatura. Sa halip na bakahin ng mga umuugit sa gobyerno/pamahalaan ang imperyalismo o pananakop ng Amerika sa Pilipinas, sa antas man lang nang kultura, pinatatag pa ng kolektibong aksyon/disposisyon ng mga nasa poder ng estado o nagmamaneho ng Gobyerno ang lansakang etnosidyo o pagwawasak sa kaangkinan/identidad ng madla sa pamamagitan ng wikang Ingles at komersyal na edukasyong pormalismo. Sa pormalismong karunungan ang talino ay nakatuon lamang sa ano ito? At paano ito? Ng mga ideya o bagay sa mga asignatura ng mga kurso. Hindi binubusisi/sinusuri sa pedagohiya ang esensyal o ontolohikal na katangian ng mga ideya, teorya at konseptong hango sa mga karanasan ng sibilisasyong Amerikano at Europiyano. Sabihin pa, tiwalag sa realidad ng lipunan o kapamuhayang Pilipino ang talino ng mga edukado kuno.

(sa mga dyornal o aklat maraming diskurso ng progresibo na naglalahad sa maling edukasyon na balakid sa kamulatan ng mga kabataan sa kapaligirang panlipunan—tiwalag ang isip sa reyalidad ng pamumuhay ng sambayanan. Sa kabuluhan ng tama at makatuturang Pilipino, ayon sa kagalingan ng lipunan at kaunlaran ng bansa, lumilitaw na mga intelektwal na idyot yaong nakapagkamit ng mga diploma sa tersiyaryong antas ng edukasyon sapagkat marurunong sila sa napiling disiplina na walang kamuwangan sa tunay na kalagayan ng lipunang Pilipino—batay sa siyentipikong pananaw.)

Sa umiiral na gobyernong papet (inutil ang konstitusyon at walang silbi ang kalayaan) malaya't walang habas na nakakamkam ng malalaking dayuhang imbestor/kapitalista ang masaganang likas na yaman ng bansa. Nakikinabang nang mabuti ang mga dayuhang kapitalista sa murang halaga ng lakas paggawa ng lipunang Pilipino.

Higit pa rito, kasangkapan o kakutsaba ng mga dayuhan ang mga taong umuugit sa gobyerno sa pandarayukdok sa mga produktibong elemento ng lipunan. Dahil sa mahigpit na dayuhang kontrol sa kabuhayang bansa, nanatiling atrasado ang ekonomiya: lumalaon bumubuti na sumasama pa sa dati. May lukemya ang ekonomiya. Habang nalulubog naman sa utang panlabas ang buong bayan sa kagagawan ng mga namamahala sa kapakanan ng lipunan o bayan.

Ang diwang materyal o kaisipang pera-pera ay nakasigid o malalim ang baon sa kultura ng bayan. Kaipala, salapi ang mahalaga sa kapamuhayang sosyal. Unti-unti hanggang maglaho ang diwang damayan at bayanihan na naisalin ng sinaunang sibilisasyon sa kasalukuyang

pamumuhay ng mga Pilipino. Dulot ito ng henosidyo sa kultura na kinasasangkutan ng mga institusyong sosyal na lumulumpo sa katinuan ng bayan.

Habang naduduhagi ang pagkatao sa kulturang materyalista, sumibol at bumulas sa kamalayang panlipunan ang diwang anarkistang mapanganib sa katinuan. Sanhi ng kanya-kanyang pag-atupag sa tawag ng pangangailangan, nalikha ng lipunan yaong “angkan ng Diyos” sa ekonomiya, pulitika at kultura.

Sinasalabusab ng mga “angkan ng Diyos” ang yamang sosyal habang iginugumon ang bait ng bayan sa mga kapalaluan at kabulastugan. Bunga nito, nagkawindang-windang sa kultura ang pagpapahalagang pantao, pambayan, pambansa at panlipunan.

Habang napipilas ang mga taon sa kasaysayan, parawal nang parawal ang pamumuhay sa lipunan, palagim nang palagim ang kaayusang nagpapalakas sa pagkahayop na nasa mga tao o mamamayang Pilipino.

Ang pagkatao ng mga nilalang sa lipunang Pilipino ay may dalawang sangkap: katauhang bayalohikal at katauhang kultural. Sa una, pagkain ang nagpapanatili sa pisikal na anyo ng tao. Sa ikalawa, talino ang sumusustento sa kalikasang tao (rasyonal) –ang talino ay may hibo ng mga kauring kamalayan o class consciousness.

ANG BAIT/KATINUAN SA KAMALAYANG PANLIPUNAN

Sama-samang diwa o pag-iisip ng mga mamamayan sa lipunan ang kamalayang panlipunan. Mabuti at masama ang kilatis ng kamalayang sosyal, ayon sa kagalingang panlipunan. Mabuti ang diwang nakalilintang sa pagkatao o katauhang kultural. Masama ang isipang nakapipinsala sa pag-unlad ng pagkatao.

Sa sosyedad nalilintang ang pagkatao. Sa araw-araw na salimuhaan ng talino ng mga Pilipino, sa hatak ng pangangailangang mabuhay na ibat-iba ang sitwasyon. Napupulpol ng bait ang nakasusing sensibilidad sa sarili ng pagkatao. Ito ang dinamismo ng kultura. Ang bait/katinuan na angkin ng isip ay nasasalang sa komprontasyon sa mga akitan, pingkian at pagbabago ng kalidad ng talino—sa salimuhaan ng mga Pilipino sa lipunan.

Sa kapamuhayang makauri ng lipunang Pilipino, tandisang may hibo ng mga uri ng pagkatao ang sensibilidad. Ang mga uring sensibilidad ay nababago sa tagisan ng talino na nagaganap sa dinamismo ng kultura.

Sa diskurso ni Amilcar Cabral “The role of culture in the liberation struggle,” inilahad: “culture is the dynamic synthesis, at the level of individual or community consciousness, of the material and spiritual historical reality of a society or a human group, with the relations existing between man and nature as well as among men, and among social classes and sectors.”

Isinilang ang mga Pilipino sa isang sistemang kultural na umiinog sa kasaysayan. Nakatimo sa isip ng sambayanan ang sagisag, mga tradisyon, kaugalian, pananaw sa buhay at

mga pagpapahalagang pantao. Ito ang kalinangan ng bayan. Sa kalinangan ng bayan masasalaming ang angking katauhan o identidad ng mga mamamayang namumuhay sa lipunan.

Wikang Filipino ang pangunahing sumasalaming sa pagkataong Pilipino. Sa wika ng bayan sumisibol at nalilintang ang talino ng sambayanang nakabigkis sa pambansang patrimonya.

Sa biyaya ng edukasyon, pormal at di-pormal, nasisinop ang karunungan ng bayang tumatahak sa kasaysayan. Talino ng bayan ang nagtatakda sa kapalaran ng lipunan. Totoo ito kung natatamasa ng sambayanan ang kalayaan at masiglang gumigiling ang soberanyang lumilikha at tumutugon sa mga kahingian ng lipunan sa antas-antas na pagsulong ng sibilisasyong Pilipino.

Anumang mabubuti, totoo at magandang kamanyang sa kasaysayan ng bayan, kongkreto o abstrakto, ay pawang nagmula at sinisinop ng bait o matinong kaisipan ng sambayanan.

Sa sosyolohiya, may kasabihan: walang taong isang pulo. Samantala sa wisyo ng bayan isinasaad naman na ang sakit ng kalingkingan ay iniinda ng buong katawan. Ang dalawang pilosopiyang sosyolohikal ay maganda sa teorya (larangan ng mga ideya) ngunit paandap-andap na liwanag na lamang, kung bago sa ilaw, kapag iniugnay sa buhay ng lipunang Pilipino sa kasalukuyan. Dulot ito ng kaisipang makasarili na nakabaon sa kamalayang panlipunang nakukulapulan ng oryentasyon at simulaing kapitalismo at pyudalismo. Bago iba ako muna. Ito ang nangingibabaw na diwa sa kamalayang panlipunan. Ang nabanggit na diwa ay sinusuhayan pa ng paano naman ako?.

Kaipala, sa kapamuhayang sosyal na kontrolado ng mga angkan ng Diyos, na pera-pera ang kalakaran, matindi ang inseguridad sa kalooban ng mga mamamayan. Ang pagkahumaling ng madla sa salapi ay nagbubulid sa pagkatao ng karaniwang mamamayan sa pagiging paninda na lamang na kung saan tinutumbasan ang talino ng kaukulang dami ng pera.

Namumuni ang mga angkan ng Diyos sa kulturang pera-pera. Ang serbisyo sa lipunan ay pay. Wika nga, mukhang pera ang mga tao sa lipunan.

Ang lipunang sahol sa makataong sensibilidad ay sadyang kalipunan lamang ng mga hayop. Ang tao ay hayop. Walang makapagpapasubali rito.

Tandisang dalawa, na magkasalungat, ang kilatis ng kaisipan sa umiiral na kultura ng lipunang Pilipino: una, diwang burgis at ikalawa, diwang masa. Ang kamalayang burgis o “utak burgis” ay nangingibabaw o dominante sa kamalayang panlipunan. Supil na nakapailalim sa kamalayang sosyal o social psyche ang diwa ng masa na tinatawag na collective unconscious o supil na kamalayan.

Sa diyalektikal na reyalidad ng kultura, na kinasasangkutan ng magkasalungat na makauring talino, nagtutunggalian ang diwang burgis at progresibong diwa ng masa. Umiigting at humuhupa ang tunggalian ng makahidwang diwa ayon sa kalagayan ng kabuhayang bansa at kapamaraan ng pamamahala sa kapakanang pambayan o panlipunan ng mga umuungit sa gobyerno.

Sapagkat mahinang-mahina ang bait/katinuan sa kamalayang panlipunan ginigi-yagis ang kalooban ng madla ng krisis sa ekonomiya, krisis sa pulitika na tumatagos sa kultura. Liban sa napakaliit na progresibng elemento ng lipunan, na di nababalisa sa krisis, sa pangkalahatan sadyang ikinababahala ng madla ang krisis. Sa pananaw o sipat-suri ng matinong isip ng mga progresibo, sa lipunan ang krisis ay palatandaan lamang ng pagbuwelo ng pagbabago sa buong himaymay ng buhay ng lipunang Pilipino. Matitino ang mga progresibong elemento ng lipunan sapagkat nakasalig sa agham ang karunungan nilang gabay sa sistematikong pagtuturo.

Sa matinong pagkukuro, na pinagsiklayan ng matalisik na pag-aaral, ideomotor o pwersang kultural ang talinong makatao, makabayan at mapagpalaya na maghahatid sa lipunan sa inaasam na matiwasay na pamumuhay na idinudulot ng industriyalisasyon at modernisasyon ng agrikultura sa ilalim ng makalipunang oryentasyon o simulain ng pamumuhay.

Tanging sa wisyo ng bayang malaya, sa kilatis na maka-agham, makalipunan at mapagpaunlad, masusumpungan ng lipunang Pilipino ang pagkawala ng pagkahayop sa pagkatao. Tatalas ang sensibilidad ng bayan na lumilikha sa kanyang kapalaran.

Sa antas ng epistemolohiya, lipunan ang bukal ng karunungan at lunduan ng katalinuhang umaayon sa kahingian ng pagbabago. Perpetuwal ang pagbabago. Ang hindi lang nagbabago ay pagbabago. Sa pambansang prexis (aksiyon at repleksiyon ng bayan), na nagtitika sa mga panlabas na salik, alinsunod sa diwang makatao hahangaan at igagalang ng ibang lahi ng sangkatauhan ang lahing kayumanggi.

Sa dimensyon ng sosyedad na ginagalawan ng talino o bait ng bayan, mamamayan ang lumilikha ng kasaysayan ng bayan at hindi yaong mga lider. Ang tunay na mga lider ay masasabing sikohene-sis, ubod ng kolektibong kamalayang angkin ng indibidwal, epitomya ang lider ng damdamin at adhikain ng bayan. Si Gat. Andres Bonifacio, suprema ng katipunan ay halimbawa ng sikohene-sis. Ulirang katauhan ang sikohene-sis sa sikohistorya.

Walang talinong makapagpapasimula sa batas ng kasaysayan. Ang buhay ng lipunan ay natatakdaan ng batas ng kasaysayan. Soberanya/kapangyarihan ng buong bayan, na ibinubugso ng kalayaan, ang susulong sa batas ng kasaysayan. Ang soberanya/kasarinlan ay malayang aksiyon at repleksiyon o gawa at isip ng sambayanang lumilikha ng kanyang kapalaran. Ito ang pambansang praxis o praktika at teorya ng nagbabagong pamumuhay sa lipunan. Ang batas ng kasaysayan ay organikong nakapangyayari sa batas ng kontradiksiyon na kinatatampukan ng diyalektika: nag-aakitan, nagsasaniban, nagpipingkian at nagbabago ang mga bagay na may buhay.

ANG TALINO NG BAYAN

Produkto o bunga ng karunungan ang talino. Wisyo ang pinong anyo ng talino. Gumagana ang wisyo sa hamon ng mga pangangailangan sa pamumuhay ng lipunan. Diyalektikal ang kalikasan ng talino: likha ng karunungan at nababago ng karunungan: umuunlad ang karunungan sa tumatalas na talino.

Ayon sa mga kaalaman at impormasyon sa antropolohiya, napukaw ang talino ng mga mababangis na taong-bundok o taong-gubat, na ninuno ng lahing kayumanggi, nang pagkiskisin

nila ang dalawang batong lumikha ng apoy. Ang sitwasyon ng pagkiskisan sa dalawang bato ay akto ng paggawa: apoy ang nalikha.

Sa antropolohiyang pag-aaral hinggil sa tao, malinaw ang kabatirang naging tao ang bakulaw sa pamamagitan ng paggawa. Naghunos ang hayop sa pagiging tao. Tinatayang 250,000 hanggang 500,00 taon, sumaklaw sa panahong Paleolitiko, ang nilakaran sa kasaysayan sa antas-antas na pag-unlad o pagbabago sa anyo't katangian ng Homo Erectus Pilipinensis. Ninuno ng lahing kayumanggi na namuhay sa Islas Maniolas, sinauna o orihinal na pangalan o tatak sa heograpiya ng kapuluan sa sinauang mapa ng mundo o globo. Si Claudio Ptolemy, griyegong topograpista o gumagawa ng mapa ang naglapat sa pangalan ng bansa sa sinaunang mapa ng mundo.

Magala ang mga bakulaw, sa maliit na pulutong, naglalakad sila sa kabundukan o kagubatan na nanginginain ng mga bungang kahoy, nanghuhuli ng hayop para kainin at nagtatago sa yungib/kuweba para magkanlong sa malakas at matagal na pagbuhos ng ulan at matinding lamig ng kapaligiran.

Sa lalawigan ng Kagayan natagpuan ang ilang labi ng sinaunang kagamitan sa pamumuhay ng mga Pilipino. Kasangkapan iyon ng Homo Erectus Pilipinensis, ayon sa mga arkiyologo.

Mapapansin sa kasaysayan o sibilisasyon ang diyalektikal na realidad ng paggawa at talino na luminang/lumilang sa kalikasan ng tao. Habang patuloy na nakikipagtunggali ang tao sa kalikasan (natural na kapaligiran) umunlad nang umunlad ang talino sa kanyang isip. Sa batas ng kalikasan na kinasasangkutan ng tao at natural na kapaligiran, makapangyarihan ang tao (pinakamataas na anyo ng kalikasan) dahil nabiyayaan siya ng talino. Ang angking talino ng tao ay tumatalas sa paggawa—na nakalilikha sa gusto o pangangailangan ng tao sa pamumuhay sa ibabaw ng mundo.

Ang pinagmulan o etimolohiya ng talino at katangian o kalikasan nito (ontolohiya) ay may ganitong pangitain:

Ang galaw ng mga kamay sa pagkiskisan ng dalawang bato ay sitwasyon ng paggawa—apoy ang nalikha. Sa bisa ng paglikha ng apoy sa paggawa, nabago nang nabago ang pamumuhay ng sinaunang mga nilalang sa Islas Maniolas. Sa patuloy o walang humpay na katangian ng paggawa, naghunos ang hayop (bakulaw) na naging tao. Sa tugunan ng paggawa at natural na kapaligiran, may nalilikha, nalilalang naman ng lakas ng katawan ang talino sa isip. Ang pagtugon ng talino sa paggawa sa udyok ng gusto o naisin ay bugso ng kalayaan sa akit ng pangangailangan. Ideomotor o pwersa ng kalayaan ang talinong gumagawa/lumilikha. Ang paggawa ay gintong mohon sa kasaysayan ng sibilisasyong Pilipino. Walang sibilisasyon kung walang paggawa.

PAGGAWA

Sa pawis ng dugo
Isip ang narahuyo

Umiglap ang talino
Sa paggawa natuto
Nakamit ang gusto
Sa pagpapakatao

Isip na lumilikha
Totoo ang pita
Ginto ang totoo
Kagandahan sa tao

Nakasapit ang paggawa at talino sa kasalukuyang kabihasan na malakolonyal at malapyudal. Kaugnay nito, nalikha ng paggawa at talino ang mga uri ng pagkatao sa lipunang Pilipino. Habang sumusulong ang sibilisasyong Pilipino obhetibo/tandisang nakasangkot ang mga uri ng pagkatao sa hatak ng buhay na kinasasangkutan ng makauring talino o ideolohiya.

Kinategorya ng mga sosyologo ang talino sa kaisipang burgis at kaisipang proletaryo o anakpawis. Ang kaisipan o talino ng mga uring burgis: kapitalista-komprador, burukrasiya-kapitalista at petiburgis ay nasasapian ng pilosopiyang idealismo at metapisikal. Sa kaisipang idealista, ideya ang saligan ng katotohanan kaugnay ng mga bagay-bagay na may buhay o walang buhay. Sa kabilang banda, ang kaisipan ng uring proletaryo o anakpawis ay nakabatay sa materyal na realidad ng buhay na sinasalamin lamang ng mga ideya. Sa pagsipat ng talinong proletaryo sa mga abstrakto o kongkretong mga bagay pawang historikal--diyalektikal—historikal—materyalismo ang pilosopiyang nakatanglaw sa katalinuhan.

Permanente sa talinong burgis ang mga bagay-bagay kaugnay ng buhay. Sa talinong proletaryo, nagbabago sa esensiya at anyo ang mga bagay-bagay sampu ng talino o karunungan. Ang reyalidad ng nagbabagong mga bagay ay tandisang kumikilos sa diyalektikal na proseso: nag-aakitan, nagsasanib, nagpipinghian at nagbabago.

DINAMISMO NG TALINO SA LIPUNAN

Sa hatak ng pangangailangan nagkakaugnayan ang mga makauring talino sa lipunang Pilipino. May pamamaraan ang talino na tumutugon sa akit ng pangangailangan, gusto at layunin na pawang kaakibat ng pamumuhay sa lipunan. Ang kilatis ng talino na humalubilo at umaatupag sa mga bagay-bagay kaugnay ng pamumuhay ay tinatawag na ideolohiya.

Ang ideolohiya na kapamaraan ng isip na saligan ng talinong umaatupag o lumulutas sa mga usaping pangkaranungan ay makikilatis sa uri sa pamamagitan ng katanungang para kangino ang talino? Natutukoy samakatwid ang talino ng uri ng pagkatao sa disposisyon o pagpapasya na umaayon sa kapakanan o kabutihan ng uri ng mga pagkatao sa lipunan. Ang talinong burgis ay nakaayon at nangangalaga sa interes at kagalingan ng uring burgesya. Gayundin sa talinong proletaryado na kumakalinga sa kapakanan ng uring anakpawis.

Ang makauring talino ay matatagpuan sa mga batas, patakaran, sulating pansikhanayan o diskurso, literatura at ibang likhang sining at sa karaniwang araw-araw na mga gawain sa ibat-ibang larangan ng pamumuhay sa lipunan. Nag-aakitan at nagpipinghian ang mga makauring

talino sa pabrika (kapalista vs. Manggagawa), pagsasaka (propitaryo vs. Magsasaka) sa gobyerno (namumuno vs. Mamamayan) at iba pa.

Sa tagisan ng talino o tunggaliang ideolohikal—hatid ng kapakanan o kagalingang makauri—karaniwang nagbubundulan ang mga emosyon. May mga pagkakataong nakukubabawan ng pagkahayop ang pagkatao—lalo na sa pingkian ng kapangyarihan na iginigiit ng karapatan—sa gayon, humahantong sa karahasan ang gilgilan ng mga makauring talino.

Sapagkat istrategikong magkasalungat sa kapakanan at karapatan, mistulang langis at tubig, kung baga, ang uring anakpawis at burgis kaya lagi at laging kinatatampukan ng dahas ang kanilang kusang pagtugon sa mga kabuluhan at katuturan ng buhay sa lipunan.

Ang tunggalian ng mga uri ng mga pagkatao, sa antas ng diwa o interes sa pamumuhay, ay tahasang nakukulapulan ng mga motibo at intensyon. Ito ang reyalidad ng sikolohiya. Sa siko-sosyolohikal na dimensyon umiinog ang makauring kamalayang ibinubugso ng makauring disposisyong tumutugon sa makauring kapakanan o kagalingan.

Samantala, sa dimensyong sosyo-pulitikal obhetibo/tandisang nakasangkot ang gobyerno sa tunggalian ng mga uri ng mga mamamayan sa lipunang sibil. Pawang mga batas, patakaran at alituntunin ang anyo ng pagkakasangkot ng gobyerno sa tunggalian ng mga uri ng pagkatao sa lipunan. Burukrasya ang institusyonal na mekanismong umaatupag/umaasikaso sa mga suliraning pinagbabangayan ng mga uri ng mga pagkatao sa katakdaan ng interes at kagalingang makauri.

Ang kontradiksyon, sa pamumuhay, ng mga uri ng mga tao sa lipunan ay may katangiang antagonistiko at di-antagonistiko. Sa prebilibiyadong pedestal/ kinaroroonan ng iilang angkan ng Diyos (10% ng 85 milyong populasyon) at marawal na pamumuhay ng masa (katawagan sa lahat ng uri sa lipunan na api at napagsasamantalahan) tahasang antagonistiko ang mga suliraning kinasasangkutan ng magkahidwang mga uri. Sa hanay ng masa di-antagonistiko (madaling ayusin ang karaniwang hinampuhan o di-pagkakaunawaan) ang mga suliranin.

Sa agham ng karunungan o epistemolohiya ang walang humpay na dinamikong galaw ng talino ay tinatawag na sikohistorya, nakakulapol sa talino ang mga motibo at intensyon. May anyo at kulay ang mga talino ayon sa makauring pananaw at paninindigan.

ANG MGA APARATO NG IDEOLOHIYA

Lingid sa kaalaman ng mga karaniwang tao sa lipunang Pilipino na ang kanilang asal , ugali, gusto, hilig, pananaw sa buhay, paninindigan ay pawang hinuhutok ng mga aparatong ideolohikal: pamilya, paaralan, simbahan, gobyerno at mas midya. Ang mga aparato ng ideolohiya ay pawang mga institusyong panlipunang nagdidirehe sa mga kagawian o aktitud (kusang reaksyon ng isip sa mga bagay-bagay na may buhay o wala.)

Ang mga kagawian ay likas na nasasaniban ng motibo at intensiyon. Sabihin pa, mga aparato ng ideolohiya ang obhetibong lunsaran, daluyan at buweltahan ng umiiral na talino sa antas ng kultura ng bayan. Mayroong tagapaghatid at may tagatanggap sa mga produktong pangkultura (mga ideya, batas, aliwan...) na pinaiinog ng mga isip sa dinamismo ng kultura.

Liban sa pamilya, pinagkakaitan ang operasyon ng mga aparato ng ideolohiya. Sa gayon, industriya ng utak ang pagtingin ng mga pantas sa komunikasyong panlipunan sa tahasang negosyong katuturan ng operasyon ng mga aparato ng ideolohiya. Samantala, sa dimensyong kultural, isang lambat-bitag ng kamalayang panlipunan ang mga aparato ng ideolohiya—lalo na ang mas midya. Kapitalista-komprador ang taguri ng mga pantas sa komunikasyong sosyal sa mga taong nagkakamali ng limpak-limpak na salapi sa industriya ng utak na itinataguyod ng mga aparato ng ideolohiya.

Inihahasik at nillinang ng mga aparato ng ideolohiya sa kamalayang panlipunan ang kaisipang palasuko, palatakas, patalo, palasisi, kabalastugan at walang bahala sa mga parokyano (publiko/madla). Kaugnay nito, tahasang paninda, ang pagtingin ng uring kapitalista, sa mga taong binabayaran nila ang serbisyo para wasakin o lasunin ang bait/katunayan ng mga mamamayan sa lipunan upang mamumuni sila sa kaayusang sosyal na di-makatao.

ANG FILIPINOLOHIYA SA EPISTEMOLOHIYA

Sistema ng paglinang sa talino ang edukasyon. Isa itong unti-unti at antas-antas na proseso sa pedagohiya o pagtuturo at pag-aaral. Nakaprograma sa paaralan o akademya ang paglinang sa talino, agham at sining ang timbulan ng pedagohiya. Isip ang pinagtutuunan ng pedagohiya. Sa diwang ito ang sistema ng edukasyon ng lipunang Pilipino—sa simulain. Layunin at gawain—ay dapat na mabulas na tumutugon sa adhikain ng lipunan, layunin ng mga mamamayan at kagustuhan ng bayan sa pamumuhay na matiwasay at maunlad.

Malusog at malikhain kamalayang panlipunan ang pinagsisikhang linangin ng mga iskolar o pantas ng buhay ng lipunan.

Taliwas sa nabanggit ang katotohanang umiiral sa sistema ng edukasyon. Marurunong ang produkto ng umiiral na sistema ng edukasyon.

Marurunong ang produkto ng umiiral na sistema ng edukasyon. Marurunong na tanga o intelektwal idyot ang mga tituladong nakalatag sa ibat-ibang propesyon. Marurunong ang taong may mga kaalaman sa isip. Idyot ang walang kamuwangan sa realidad ng buhay. Ang kabuluhan ng karunungan ay laging nasa kapakinabangan at kabutihan ng lipunan. Lipunan ay may-ari ng karunungan. Prangkisa, sa anyo ng lisensya, ang pahintulot na ipinagkakaloob ng lipunan sa mga propesyunal—guro, doktor, inhenyero atbp.—sa paggamit ng kanilang karunungan na may kabayaran ang serbisyo sa lipunan.

Hindi, kailanman sa pangkalahatan, inaalintana ng mga propesyunal ang kagalingang panlipunan sa kanilang opisyo o paghahanapbuhay. Mahina o tahasang wala sa talino ng mga propesyonal yaong pagpapahalagang pantao, panlipunan, pambayan at pambansa. Makasarili ang mga propesyonal. Hatid ito ng napakasamang sistemang sosyal na malakolonyal at malapyudal na tahasang siklo sa reyalidad ng ekonomiya, pulitika at hanggang sa antas ng kultura.

Sa pagkatao, napupukaw ang pagkamakasarili dahil tandisang nakasanib sa kamalayang panlipunan ang kalikasang hayop at nakatining ito sa kultura ng bayan. Matira-matibay ang pilosopiya ng buhay sa lipunang Pilipino. Sapagkat nabuo na ng kabihasan ang kolektibong

sarili sa kilatis ng katauhan ng mga uri ng pagkatao sa lipunan. Nagmamalaskitan ang iwing kolektibong sarili sa kauri na kapinsalaan o kapahamakan naman ng ibang uri. Nagagatungan pa ang pansariling tendensya ng magkakahidwaang kolektibong sarili sa mga uri ng mga tao sa lipunang Pilipino ng kaisipang rehiyonalismo. Isang anyo ng kulturang pyudal ang rehiyonalismo—makitid sa pananaw ng katuturan ng salimuhaang panlipunan na balakid sa pambayan at pambansang kagalingan.

Ang mapaminsalang talino ng mga Pilipino, sa punto ng kabutihang panlipunan at kagalingang pambansa, ay dulot ng dispalinghadong edukasyong itinataguyod ng paaralan o akademya. Katunayan, tinutulan nga ng mga kabataang estudyante ang edukasyong komersyal, kolonyal at pormalistiko.

Aktibong mawawasak ang pagkamakasariili sa kolektibong sarili ng mga uri ng pagkatao sa lipunan sa pamamagitan lamang ng karunungan Pilipino, na mula sa mga karanasan ng sambayanang Pilipino sa Luzon, Visayas at Mindanaw—sinisinop ng akademya—para sa kaunlaran ng bansa at kabutihan ng sambayanang Pilipino. Wikang Filipino, na bigkis ng iba-ibang wikang lalawiganin o bernakular, ang tanging makalilinang sa talino ng sambayanan na makatao, makalipunan, makabayan at may pandaigdigang pananaw.

Sa dinamismo ng talinong makalipunan mapaghuhunos sa katauhan ang makasariling tendensya. Ang uri ng pagkatao na pangunahing itinatakda sa relasyon sa produksyon ng yamang panlipunan ay gradwal na mapupurga (itatakwil ang kahayupan sa sarili) sa radikal na paglilinis sa katauhan ng edukasyong makatao. Titining sa kultura ng bayan ang diwang makatao.

Epistemolohiya, agham ng karunungan, ang lunsaran at sinupan ng pambansang karunungan na Filipinolohiya: pilosopiyang Pilipino, lohikang Pilipino at paninindigang Pilipino. Sa katuturang akademiko ang Filipinolohiya ay ukol sa mga kursong dapat bukal ng mga katalinuhang panlipunan na inter-aktibong pinagsisikhayan ng guro at estudyante sa sitwasyong pedagogikal.

Totoo, mabuti at maganda sa pambansang praxis (aksiyon at repleksyon) na sinisihop sa agham at sining na sasalamin sa kabutihan ng lipunan ang tungkulin ng akademya na Filipinolohiya ang oryentasyon.

May pananagutan ang mga guro sa akademya sa pananatili ng mapaminsalang talinong nakasanib sa kamalayang panlipunan ng kabihansang Pilipino. Dapat magtika ang kaguruan at magiting na harapin ang marawal at malagim na reyalidad sa lipunan. Mababago nila ang reyalidad kung babaguhin muna ng kaguruan ang angking talinong hinubog ng pormal na maling edukasyon. Inuuk-ok ng mapaminsalang talino ang bait/katinuan ng kaguruan sa partikular at sa pangkalahatan ang diwang makabayan at progresibo na maghahatid sa lipunan sa kaluwalhatian.

Masakit ilahad ngunit ito ang totoo: sa mapanuring pagkukuro, mistulang punerarya ng utak ang akademya at ang mga guro ay embalsamador ng talino.

Masakit ang katotohanan ngunit nagtuturo.

(Ibinahagi ng manunulat ang mga kabatiran sa ginanap na talamitan-diwa ng mga estudyante at guro ng kagawaran ng Filipinolohiya bilang pagpupugay sa buwan ng wikang pambansa na ginanap sa bulwagang Amado V. Hernandez ng PUP noong Agosto 20, 2004.)

TALASANGGUNIAN

1. Richard Pierre Claude, *Eduating For Human Rights, "The Philippines and Beyond,"* University of the Philippines Press, Quezon City, 1996
2. Robin Blackburn, *Ideology in Social Science (Collection of 14 critical discourses by 14 essayists.)*, Vintage Books, New York, 1973
3. Hans Magnus Enzenberger, *The Consciousness Industry*, Seabury Press, New York 1976
4. Alice G. Guillermo, Phd., *Ideology and Consciousness*, Gapas Series, 1990
5. Pedrino A. Guareschi, *A Critical Sociology*, (National Pastoral Commission on Youth, Uruguay, 1987)
6. David Ingram, *Critical Theory and Philosophy*, (Paragon House, New York, 1990)
7. Renato Constantino, *Insight and Foresight*, (Foundation for nationalist Studies, Quezon City 1896)
8. Arnold Molina Azurin, *Reinventing the Filipino, "Sense of Being and Becoming"*, UP Press, 1995
9. Paulo Freire, *The Politics of Education*, Bergin and Garvey Publishers, Inc., Massachusettes, 1985
10. Mina M. Ramirez, *Reflection on Culture*, (Monograph, Asian Social Institute, 1993)
11. Jaime B. Veneracion, Phd. , *Agos ng Dugong Kayumanggi*, (Education Forum, 1987)
12. Stephen Frosh, *The Politics of Psychoanalysis*, (Macmillan Education)
13. George Luckas, *History and Class Consciousness*, MIT Press Combridge, Masachussettes, 1971)
14. John V. Pavlik, Everette E. Dennis, *Demystifying Media technology*, Mayfield Publishing Company, London, 1993